

[...]

NATANIEL Nung unang panahon, sa dakong silangan.

May isang nilalang na may suot-suot na mamahaling singsing. Ang bato nito'y Opal, may sandaang kinang, at may kamangha-manghang kapangyarihan na kung sino mang magsuot nito, na may pananalig sa bisa nito, ay mahal ng Diyos at ng sanlibutan. Hindi tuloy nakapagtataka na ang nilalang na itong galing silangan ay walang pakundangang isinuot ito, at hindi maaaring mawala ito sa paningin niya. Iniwang niya ang singsing sa kanyang pinakamamahal na anak; basta't ipasa lang sa magiging paboritong anak nito; para, ang pinakamamahal na anak, sa bertud ng singsing, ang siyang magiging puno, prinsipe ng lahat ng bahay. –

Sundan mo ba 'ko, Sultan?

SALADIN Walang paltos, ituloy mo!

NATANIEL Sa wakas, ang singsing, pinasa-pasa sa anak at sa mga susunod pang anak, hanggang sa bumaba sa isang amang may tatlong anak na lalaki; mga tatlong responsable, ang tatlo'y kapagdaka'y kailangang mahal in ng pantay-pantay. Ngunit paminsan-minsan, ngayon ay yung isa, ngayon nama'y yung isa, ngayon ay yung pangatlo – lahat sila'y maaari siyang samahan sa kanyang pangungulila, yung dalawa nama'y hindi namamahagian ng kanyang kabutihan – ay karapat-dapat din sa singsing; kayat ipinangako niya ito sa tatlo, bilang sagradong kahinaan. Nagtagal ito hanggang sa maaari. – Hanggang sa dumating ang panahon ng mistulang pagpanaw, at ang mapagmahal na ama'y napahiya. Masakit sa kanya na masaktan niya ang dalawa niyang anak, na umasa sa kanyang salita. – Ano nang gagawin? Lihim niyang pinadala sa isang alahero at nagpagawa ng dalawa pang singsing na ang hugis ay gaya nang sa kanya, at para hindi na siya mag-alala pa ayusin nang lahat nang ayusin. Nagtagumpay ang alahero. At nung dinala sa kanya ang mga singsing, hindi na masuri-suri ng ginoo kung ano sa tatlo ang orihinal. At sa kaligayahan niya'y tinawag ang mga anak at isa-isang binigyan ng basbas – at yung singsing na rin – at siya nga'y namatay – Narinig mo ba 'ko, Sultan?

SALADIN (nung nabigla'y lumayo-layo): Narinig ko, narinig ko! – Tapusin mo na ang kuwento ngayon din. – Naghihintay ako!

NATANIEL Tapos na.

At kung anong kinahinatnan ay nangyari nga. – Ngayon na patay na ang amang may tatlong anak na may suot ng tig-isang singsing at lahat sila’y naghaharing prinsiphe. Hinanap nila ang katotohanan, nag-away, nagturuan. At sa masamang palad, hindi gumana ang tunay na singsing; -- (Napatigil siya sa kanyang sagot.) Halos kasing-liit tulad ngayon ang tunay na pananampalataya.

SALADIN Ibig mo ba’y ito na ang sagot sa aking katanungan?

NATANIEL Ang ibig ko’y isa lang itong kabalintunaan kung hindi ko sasagutin dahil nga sa pagsusuri ng tatlong singsing na siyang pinagawa mismo ng ama upang hindi makilatis ng sino mang matalas kumilatis.

SALADIN Mga singsing! – Huwag mong ipawalang-bahala! – Sa palagay ko’y yung tatlong relihiyong tinukoy ko sa ‘yo ay maaari mong pangalanan ngayon pa lang. Hanggang sa kanilang pananamit, hanggang sa pagkain at inumin!

NATANIEL Sa lahat ng bagay liban sa mga payak na alituntunin. – Hindi bat bunga sila lahat ng kasaysayan, sinulat man o ipinamalita? – ngunit ang kasaysayan ay dapat tanggapin na may kaakibat na pananampalataya – Hindi ba? Kung gayo’y kaninong pananampalataya ang hindi malamang natin pagdududahan? Ang sa atin, hindi ba? Sa kaninong dugo natin pinagsasaluhan? Yung mga simula pa nung ating pagkabata’y nagbigay sa atin ng pruwera ng pagmamahal? Yung mga hindi tayo niloko, ngunit nung panahong makabubuti sa ‘tin ang linlangin? – Paano ko hindi gaanong pagkakatiwalaan ang aking ama kaysa sa pagtiwala mo sa ama mo? O kung baligtarin man ito. -- Puwede ko bang iutos sa iyong mga ninuno na kailangan mong ipamahagi ang kasinungalingan na sa akin ay ipinagbawal? O kung baligtarin man. Ito rin ang nangyari sa mga Kristiyano. Hindi ba tama?

SALADIN (isantabi): Allah ko, oo nga! Tama siya. Kailangan kong manahimik.

NATANIEL Balikan natin muli ang mga singsing. Tulad ng sabi natin: mas ginusto ng mga anak na magreklamo; at isa-isa silang nanumpa sa huwes, tinanggap niya ang singsing galing sa kamay ng kanyang ama. – at iyan ang katotohanan – at hindi naglaon nung nangako ang ama, na isang araw ay ipagdiwang ang pribilehiyo ng singsing. -- Walang kulang sa katotohanan! – ang kanyang ama, isa-isang nakipaglaban na ang sa kanya’y ay siyang tunay; dahil sa isang mapagmahal na ama; dapat niyang pagbintangan ang mga kapatid – datapwat maraming pinagkakaabalahan na isipin ang pinakamabuti sa kanila – isang kabalintunaan; at siya, mga traidor ay kapagdaka’y isasambulat; ay maghihiganti.

SALADIN At ngayon, ang huwes? – Bukas ang tainga ko sa pakikinig. Ano ang magiging desisyon ng huwes? Sabihin mo!

NATANIEL At ang sabi ng huwes: kung hindi mo dadalhin ang ama mo sa harap ko, lisanin mo ang katungkulan kong magpasya. Alam mo bang nandito ako upang sumagot

sa mga bugtong? Maghihintay ka ba, kung saka-sakali, hanggang sa mabuhay ang tunay na singsing at magsalita? Ngunit sandali! Dinig ko'y ang tunay na singsing ay may kapangyarihang mapamahal sa Diyos at Tao ang sino mang may suot nito. Iyan ang magdedesisyon! Dahil hindi ito maaaring magawa ng mga nagkukunwaring singsing! –

Sino ngayon sa inyong dalawa ang nagmamahal ng tunay? Magsalita, bilis! Mga pipe ba kayo? Patalikod lang ba ang epekto ng singsing at hindi palabas? Lahat sila'y nagmamahal lang sa sarili? Kaya ngayon, kayong tatlo, mga nilinlang na mapaglinlang! Mga singsing ninyo'y peke, iyang tatlo. Walang alinlangan na ang tunay na singsing ay nawala. Upang itago ang pagkawala para maayos ito, minabuti nang ama na ang tatlong singsing ang magsilbi para sa isa.

SALADIN O siyang tunay, siyang tunay!

NATANIEL Kaya ang sabi ng huwes, kung hindi ninyo kakailanganin ang payo ko, liban sa aking pasya, layas! Ang payo ko: Tanggapin ng buo ang nangyari kung ano man. Kung silang tatlo'y may singsing mula sa kanilang ama, kailangang paniwalaan nila na ang singsing ay siyang tunay. – Posibleng hindi pinapayagan ng kanilang ama na isang singsing lang ang maghari sa kanyang bahay! – At malaman: na ikaw, kayong tatlo, mahal niya; at pantay ang pagmamahal. Dahil kayong dalawa'y hindi niya pahihiyain para paborin lang ang isa. – Gayon pa man! Lahat sana sila'y nag-ambisyong tularan ang pantay-pantay na klaseng pagmamahal ng kanilang ama! Sana'y pagbutihin nilang pantayan ang kamanghaan ng bato ng kanyang singsing! Suportahan ang kapangyarihan na may pagkukumbaba, na may respeto, mapagmamahal sa katahimikan, at may pagpapakumbaba sa ibig ng Diyos! At kung ang kamangha-manghang kapangyarihan ng mga bato ay magpakitang-gilas sa mga anak ng mga anak ng mga anak: sinasabi ko sa iyo, na sa isang libo't isang libo pang mga taon, manindigan muli sa harap ng tronong ito. May isang nilalang na higit pa sa akin ang wisyo ang uupo bilang huwes sa tronong ito, at magsusumamo. Humayo kayo! – Sabi ng kapitapitangang huwes.

SALADIN Diyos ko! Diyos ko!

NATANIEL Ngayon, Saladin, kung aangkinin mong ikaw ang may wisyong nilalang na iyon, Ang ipinangakong nilalang ...

SALADIN (tatakbo sa kanya at aakmain ang kamay, na siyang hahayaan): Ako, isang abo? Ako, walang-wala? Diyos ko!

NATANIEL Ano ang nangyari, Saladin?

SALADIN Mahal kong Nataniel! –

Ang isang libo't isang libong taon na ipinaubaya ng huwes ay hindi pa nagtatapos. – Hindi para sa akin ang kanyang trono ng paghuhusga. – Humayo ka! – Humayo ka! – Ngunit maging aking kaibigan.

Quelle:

Gotthold Ephraim Lessing PARABOLA NG SINGSING (Ringparabel) or WISYO NI NATANIEL (Nathan der Weise). Übersetzt ins Philippinische von Lito Casaje, 2016